Sa mga Minamahal na Nagnenegosyo ng Serbisyo sa Pagkain ng Seattle,

Ito ay isang update mula sa Seattle Public Utilities (SPU) na may mga bagong kinakailangan para sa serviceware ng pagkain. Binago ng Pampublikong Utilidad ng Seattle ang Panuntunan ng Direktor na SW-500: "Mga Kinakailangan at Pansamantalang Pagbubukod sa Lalagyan ng Pagkain at Naka-pack na mga Produkto." Ang binagong panuntunan ay naging epektibo noong Hulyo 1, 2023.

Sa ilalim ng binagong panuntunan:

- Lahat ng lalagyan ng pagkain ay dapat na magagamit muli, nareresiklo, o pwedeng mabulok, na may limitadong mga pagbubukod na pinapayagan sa ilalim ng pansamantalang pagpapaubaya.
- Ang mga tasa para sa mainit o may takip na pagkain ay hindi na karapat-dapat para sa pansamantalang pagpapaubaya mula sa mga kinakailangan ng (Seattle Municipal Code, SMC)SMC 21.36.086. Dapat na pwedeng mabulok ang lahat ng pang-isahang gamit na tasa na wala pang 3 pulgada ang lapad.
- Ang brown na papel na lalagyan ng pagkain ay pinapayagan lamang kung pwedeng mabulok.
- Ang isahang gamit na lalagyan ng pagkain na ginagamit para sa pagkain na kinakain sa mga lugar ay dapat na pwedeng mabulok.
- Dapat matugunan ng lalagyan ng pagkain na pwedeng mabulok ang mga kinakailangan ng (Revised code of Washington, RCW)RCW Kabanata 70A.455, "Pagkabulok ng Produktong Plastik". Sa ilalim ng batas na ito, ang mga produktong pwedeng mabulok ay dapat:
    - Sertipikado na pwedeng mabulok ng isang ikatlong partido o ganap na gawa sa kahoy o fiber na walang plastik na patong.
    - Maging madali at madaling matukoy bilang pwedeng mabulok, kasama ang pagpapakita ng salitang "pwedeng mabulok" at nagtatampok ng label at pangkulay na nakakatugon sa mga pamantayan ng industriya.

  Ang mga detalye tungkol sa mga kinakailangan sa ilalim ng batas na ito ay makukuha dito (https://apps.ecology.wa.gov/publications/documents/2307022.pdf).
- Dapat ibigay ang isahang gamit na mga accessory sa serbisyo ng pagkain alinsunod sa mga kinakailangan ng RCW Kabanata 70A.245.080, "Opsyonal na Serbisyong Lalagyan". Sa ilalim ng batas ng estadong ito, ang mga kagamitan, straw, mga pakete ng pampalasa, at takip ng tasa para sa malamig na inumin ay maaari lamang ibigay kapag hiniling ng kostumer o sa pamamagitan ng paggamit ng sariling basurahan o mga dispenser.
  Ang mga detalye tungkol sa mga kinakailangan sa ilalim ng batas na ito ay makukuha dito (ecy.wa.gov/serviceware).

Hinihikayat ang mga negosyo na nagseserbisyo ng pagkain na:

- Magkaroon ng sapat na suplay ng nababaluktot na pwedeng mabulok na straw na plastik o nababaluktot na itinatapon na straw na plastik upang ibigay sa mga kustomer kapag hiniling kapag kinakailangan dahil sa medikal o pisikal na kondisyon; at
- Magbigay ng matibay, magagamit muli na lalagyan ng pagkain at mga kagamitan para sa pagkain na kinakain sa lugar hangga't maaari.

Naglagay kami ng flyer na may higit pang impormasyon sa mga kinakailangan para sa mga negosyong nagseserbisyo ng pagkain.

Upang makita ang buong listahan ng mga kinakailangan sa lalagyan ng pagkain, pakibisita ang aming website: bit.ly/spu-food-packaging

Para sa karagdagang impormasyon sa programa ng pag-iimpake ng pagkain ng Seattle, kabilang ang mga libreng mapagkukunan at teknikal na tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa 206-343-8505 o tumugon sa pamamagitan ng email sagreenbusiness@seattle.gov.

Taos-puso,

Programa ng Berdeng Negosyo ng Pampublikong Utilidad ng Seattle
206-343-8505
GreenBusiness@seattle.gov